



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Disyembre 7, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.760.0285

\$7 milyong gawad na pagpopondo, available para sa pagkakabit ng mga bagong (Electric Vehicles, EV) charging station na accessible sa publiko

Posibleng makabawi ang mga pampublikong ahensya at pribadong negosyo nang hanggang 85% ng gastusin

SAN FRANCISCO – Simula Disyembre 7, 2021, magsisimula nang tumanggap ang programang *Charge!* ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng mga aplikasyon para tumulong na mabawi ang bahagi ng gastos sa pagbili at pagkakabit ng mga bagong electric vehicle charging station na available sa publiko, sa buong rehiyon.

Layunin ng programang *Charge!* na tumulong na bumuo ng charging network na makakasuporta sa mga layunin sa paggamit ng electric vehicle ng Bay Area, nang 90 porsyento ng pangkalahatang sasakyan pagdating ng 2050.

“Patuloy na bumibilis ang pagdami ng paggamit ng mga electric vehicle,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Papabilisin ng higit pang charging station sa mga pangunahing lokasyon ang paglipat ng enerhiya at na ginagawang mas matalinong opsyon ang pagbili ng electric vehicle para sa mga residente ng Bay Area.”

Puwedeng gamitin ang pagpopondo ng programang *Charge!* para magkabit ng mga pasilidad sa pag-charge na accessible sa publiko para sa mga light-duty na electric vehicle sa mga lugar ng trabaho, destinasyon, lokasyon ng transit parking, sa mga koridor ng transportasyon, at sa multi-unit na tinitirhang pasilidad. Bibigyan ng prayoridad ng Distrito ng Hangin ang mga proyekto na magkakabit ng pag-charge ng electric vehicle sa mga multi-unit na tinitirhan (partikular sa mga abot-kaya at mababa sa market rate na mga lugar ng pabahay), at sa mga proyektong nasa environmental justice na komunidad.

Isang webinar ang nakaiskedyul sa Martes, Disyembre 14, 2021, nang 10 a.m., para magbigay ng pangkalahatang ideya ng paghingi na ito at sumagot ng mga tanong mula sa mga interesadong panig. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring pumunta online sa www.baaqmd.gov/charge o makipag-ugnayan kay Danny Fung sa dfung@baaqmd.gov. Tatanggapin ang mga aplikasyon **hanggang Marso 1, 2022, 5 p.m. Pacific Time.**

Pangunahing pinopondohan ang programang *Charge!* sa pamamagitan ng Pondo sa Transportasyon ng Distrito ng Hangin para sa Panrehiyong Pondo para sa Malinis na Hangin (Clean Air Regional Fund) at Pondo sa Insentibo sa Nalilipat na Pinagkukunan (Mobile Source Incentive Fund) na nagbibigay ng mga gawad para pahasayin ang kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga emisyon ng mga nagpaparumi ng hangin mula

sa nasa kalsadang sasakyan at posibleng kasama rito ang mga karagdagang mapagkukunan ng pagpopondo, kapag available.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)